



Ang Aking Gabay sa Paghahanda sa Kagipitan



A guide for **home care** patients using power-dependent equipment

DAPAT ANG LAHAT AY MAY PLANO

Bilang isang pasyenteng ina-alagaan sa bahay na gumagamit ng mga de-koryenteng kagamitan – o isang kapamilya na may ina-alagaan – importante ang pagplano dahil sa panahon ng kawalang ng koryente mawawalan kayo ng paraan na makakuha ng pang-araw-araw na panganga-ilangan.

MAGHANDA SA MAAGANG PANAHOON

Sa mga panahon ng bagyo at kawalang ng koryente, manatiling handa sa mga alerto, babala at mga pagbabago mula sa mga lokal na serbisyong pang kagipitan. Dagdag dito ang:

- Pagsulat ng numero ng mga pulis at bombero ng iyong county at iba pang mga numero na hindi pang emerhensiya ng mga organisasyon o serbisyo na maaaring kailanganin ninyo.
- Pag-iipon ng mga kagamitang pangkaligtasan na nasa isang lugar para sa iyong bahay at mga sasakyan. Maari ninyong gamitin ang mga mungkahi para sa mga ito na ibinibigay sa susunod na pahina.
- Kapag nawala ang koryente, huwag ipalagay na ang iyong mga kagamitang inihanda ay gagana ng mabuti – repasuhin ang listahan sa ibaba upang matiyak na alam mo paano gamitin ang mga ito sa panahon ng kawalan ng koryente.

Sino ang Tatawagan
 Ilagay ang numero ng kompanya ng iyong kagamitang pang-mediko sa tabi ng telepono mangyaring manga-ilangan ng tulong. At kung may tunay na emerhensiya, tumawag sa 9-1-1.

IHANDA ANG MGA IMPORMASYON SA MGA GAMIT MEDIKAL AT MGA APARATO SA LUGAR NA MADALING MAABOT

Palaging tiyakin na madaling maabot ang mga pangalan at numero (Ilagay ito dito):

- Pangalan ng kompanya ng kagamitang pang-mediko _____
- Pangalan ng gumawa ng iyong kagamitan _____
- Pangalan ng ahensiya ng home health (kung mayroon) _____
- Pangalan ng iyong doktor _____

Kausapin ang gumawa ng mga kagamitan na pang-mediko at alamin kung ano ang mangyayari sa iyong mga kagamitan kung may kawalang ng koryente:

- Kung may biglang taas ng koryente, maaari bang himinto ang pag-gana ng aking kagamitan? Kung oo, anong klaseng pangkontra ng biglang taas ng koryente ang kailangan ko?
- Meron bang pang back-up itong kagamitan ko? Kung meron, gaano katagal itong gagana at saan ito naka lagay?
- Maaari bang gumana ang aking gamit sa na hindi nakakabit sa koryente? Kung maaari, paano?
- Gaano ka-tagal gagana ang aking gamit na walang koryente?
- Ma-aapektohan ba ang aking kagamitan sa pag iba ng temperatura?
- Paano ipalit mula sa koryente papunta sa baterya ang kagamitan na ito?



Lalagyan ng mga Gamit na Pang-Emerhensiya

Siguruhing mayroon palagi nito sa iyong lalagyan ng gamit na pang-emerhensiya:



Tubig – isang galon ng tubig bawat tao bawat araw na aabot ng mahigit tatlong araw



Pagkain – na hindi bababa sa tatlong araw na panustos sa mga pagkaing matagal masira



Radyo na de-Baterya – at dagdag na mga baterya



Flashlight – at mga dagdag na baterya



Gamit na pang-First Aid – siguraduhing na suriin ang petsa ng bias ng nilalaman nito panatilihing palaging bago



Pito – gamit para sumenyas ng saklolo



Maskara pang-Alikabok – o damit na gawa ng bulak, para makatulong sa pag-sala ng kontaminadong hangin



Malalapad na Plastik at Duct Tape – upang may masilungan sa lugar



Lyabe o Plays – para sa pagpatay ng mga tubig, koryente, atb. Kung kinakailangan



Abre-Lata – pang-bukas ng mga de-latang pagkain



Gatas pang-Bata at Lampin – kung ikaw ay may maliit na bata



Mapa na pang-Lokal – kasama ang mapa ng iyong lugar at mapa kung saan ka pupunta kung ikaw at palilisanin

Karagdagang Impormasyon Tungkol sa mga Kagamitan at Pagka-Wala ng Koryente o Brown-Out.

Ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) at ang Maryland Emergency Management Agency ay mayroong maraming pagkukunan ng mga impormasyon na makakatulong sa inyo kung may kawalan ng koryente. Maaari ninyong bisitahin ang mga website na makakatulong sa inyo para sa karagdagang impormasyon:

<http://www.fda.gov/MedicalDevices>

<http://mema.maryland.gov/Pages/PowerOutages.aspx>

<http://www.ready.gov/individuals-access-functional-needs>

<http://www.ready.gov/blackouts>

Para sa mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon

Para sa mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon, bisitahin lamang ang mga website:

<http://preparedness.dhmh.maryland.gov>

www.facebook.com/MarylandOPR

www.twitter.com/MarylandOPR

www.mema.maryland.gov

www.mncha.org/emergency-preparedness



Pinagkaloob sa pakikipagtulungan ng Department of Health and Mental Hygiene Office of Preparedness and Response at ng Maryland-National Capital Homecare Association.

ISULAT ANG PANGALAN AT NUMERO NG TAGAPAGTUSTOS NG IYONG KAGAMITANG PANG MEDIKO SA LOOB NG KAHONG ITO.